Tagalog／タガログ語

日本年金機構
Japan Pension Service

XXX XX, 20XX

Mahal na employer,

Direktor,
JPS XXXX Branch Office

# **Paalala:** Kahilingan para sa Pagpaparehistro sa EPI at EHI

Nais naming ipaalala na nagpadala na kami sa iyo ng liham na humihiling na iyong irehistro ang iyong lugar ng trabaho upang masakop ng Employees' Pension Insurance (*EPI*) at Employees' Health Insurance (EHI.) Gayunpaman, ipinapakita ng aming rekord na hanggang sa ngayon ay hind mo pa rin ito natatapos.

Kung hind mo maitatatag ang saklaw para sa iyong mga manggagawa, hindi sila mapapangalagaan ng sistemang medikal at pangkaligtasan sa kita sa oras ng pangangailangan. Bilang karagdagan, maaari naming bisitahin at imbestigahan ang iyong lugar ng trabaho (batay sa Art. 100 ng EPI Act at sa Art.198 ng EHI Act,) Dahil dito, maaari rin kaming magpatupad ng karagdagang parusa.

**Hinihimok ka naming bisitahin ang aming sangay na opisina sa ibaba at kumpletuhin ang pamamaraan ng pagpaparehistro na ito bago ang XXXX XX, 20XX**. Pakitiyak na **dalhin ang iyong ID** tulad ng My Number Card (indibidwal na numero card,) pasaporte at/o residence card.

Bagama't may libreng serbisyong tagapagsalin ng ilang wika sa aming tanggapan, maaari ka ring magdala ng kasama na marunong magsalita ng Japanese.

Kami ay nagpapasalamat sa iyong kamalayan at malasakit para sa iyong mga manggagawa.